# Huwag kayong pumigil sa mga babaing alipin ni Allāh sa mga masjid ni Allāh subalit lumabas sila habang sila ay mga di-nakapagpabango."}

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: "Huwag kayong pumigil sa mga babaing alipin ni Allāh sa mga masjid ni Allāh subalit lumabas sila habang sila ay mga di-nakapagpabango."}
[حسن] [رواه أبو داود]

Sumaway ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa walīy at tagapanagot sa kanya laban sa pagpigil sa mga babae sa pagpasok sa mga masjid. Nag-utos siya sa mga babae sa sandali ng paglabas na lumabas sila nang hindi mga nakapabango at hindi mga nagtatanghal ng gayak nang sa gayon sila ay hindi maging kadahilanan ng pagkatukso ng mga lalaki.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee